# Pamumuno Ayon sa Bibliya

## NOTES

## WARM-UP

- Sino ang pinakamapagpakumbabang tao na kilala mo? Ano ang mga ginagawa niya upang unahin ang iba kaysa ang kanyang sarili?
- Balikan ang isang pagkakataon na ikaw ay inilagay sa posisyon na kailangan mong mamuno. Sa iyong palagay, naging maayos ba ang pamumuno mo? Bakit oo o bakit hindi?
- Ibahagi ang isang sakripisyo na ginawa ng isang kapamilya o kaibigan para sa iyo. Paano siya naapektuhan ng sakripisyong ito at bakit niya ito ginawa?

**WORD**

*[43]"Pero hindi dapat ganyan ng umiral sa inyo. Sa halip, ang sinuman sa inyo na gustong maging dakila ay dapat maging lingkod ninyo. [44]At ang sinuman sa inyo na gustong maging pinuno ay dapat maging alipin ng lahat. [45]Sapagkat kahit ako, na Anak ng Tao ay naparito sa mundo, hindi upang paglingkuran kundi upang maglingkod at magbigay ng aking buhay para matubos ang maraming tao."* **MARCOS 10:43-45**

---

Si Jesus ang ating halimbawa ng pamumuno. Bagamat mayroon tayong iba't-ibang pakahulugan sa pamumuno at karanasan sa mabuti at hindi mabuting paraan ng pamumuno, ang salita ng Diyos ang nagsasabi sa atin kung ano ba talaga ito. Sinasabi sa Bibliya na ang pamumuno ay isang paglilingkod na may kalakip na sakripsiyo.

## 1 Ang pamumuno ay paglilingkod.

*[43]"...Pero hindi dapat ganyan ang umiiral sa inyo. Sa halip, and sinuman sa inyo na gustong maging dakila ay dapat maging lingkod ninyo. [44]At ang sinuman sa inyo na gustong maging pinuno ay dapat maging alipin ng lahat."* **MARCOS 10:43-44**

Sinabi ni Jesus na sinumang gustong maging dakila ay dapat maglingkod, at sinumang gustong maging pinuno ay dapat na maging alipin ng lahat. Ang pamumuno ay hindi pagbibigay halaga sa pinuno bago ang iba; ito ay tungkol sa pinuno na pinagsisilbihan ang lahat. Paano naiiba ang pakahulugang ito ng pamumuno sa nakikita mo ngayon sa iyong paligid? Paano naiiba ang pakahulugan ng Bibliya sa pakahulugan ng mundo?

## 2 Ang pamumuno ay may kalakip na sakripisyo.

[45] *"Sapagkat kahit ako, na Anak ng Tao ay naparito sa mundo, hindi upang paglingkuran kundi upang maglingkod at magbigay ng aking buhay para matubos ang maraming tao."* **MARCOS 10:45**

Malugod na pumayag si Jesus na ibigay ang Kanyang sarili bilang kabayaran para sa atin. Ginawa Niya para sa atin ang hindi natin kayang gawin para sa ating mga sarili. Sa parehong paraan, ang pamumuno ay may sakripisyo at pagiging hindi makasarili sa mga namumuno. Kapag ang mga tao ay nahaharap sa iba't-ibang pagsubok, ang pinuno ang siyang dapat manguna sa paglilingkod at pagsasakripisyo. Sa iyong palagay, kaya ba nating mamuno gamit ang ating sariling lakas o kakayahan? Paano natin magagawang umasa sa kakayahan ng Diyos na mamuno?

## APPLICATION

- Paano naiiba ang pakahulugan mo sa salitang pamumuno kung ihahambing sa sinasabi ng Bibliya? Ano ang natutunan mo ngayon at paano mo ito maisasapamuhay?
- Sa anong larangan ka tinatawag upang mamuno? Paano mo mapaglilingkuran ngayong linggo ang mga taong pinamumunuan mo?
- Naniniwala ka ba na si Jesus ay namatay upang iligtas ka? Paano maaapektuhan ng Kanyang sakripisyo ang paraan mo ng pamumuhay?

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa sakripisyo at halimbawang ipinakita sa atin ni Jesus. Ipanalangin na ikaw ay maging katulad Niya sa bawat araw na lumilipas.
- Ipanalangin na tayo ay magkaroon ng makadiyos na mga pinuno sa gobyerno, pangangalakal, mga komunidad, at mga pamilya.
- Hingin sa Diyos ang kakayahan at hindi karaniwang abilidad na maglingkod sa iba at magsilbing halimbawa nang makadiyos na pamumuno.

VICTORY

© 2016 by VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot
mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.
victory.org.ph